## Pabatid

Petsa: Nobyembre 17, 2019

Para Sa: Mga General Authority; Pangkalahatang Opisyal, Area Seventy, at sumusunod na mga yunit sa napiling wika: Mga Stake, Mission, at District President; Bishop at Branch President; Miyembro ng Ward at Stake Council, mga Magulang ng mga Bata at Kabataan

Mula sa: Priesthood and Family Department (1-801-240-2134)

Paksa: Mga Bata at Kabataan: Buod at mga Madalas Itanong

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

---

Sa Face to Face broadcast noong Nobyembre 17, 2019, si Elder Gerrit W. Gong at ang mga Pangkalahatang Opisyal ay nagbahagi ng dagdag na mga detalye tungkol sa bagong pagsisikap na pinamagatang Mga Bata at Kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pagsisikap na ito ay papalit sa lahat ng umiiral na aktibidad at mga achievement program. Nakatuon ito sa pagtulong sa bawat bata at kabataan na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Ang impormasyong ibinahagi sa Face to Face broadcast ay detalyado sa nakalakip sa pabatid na ito

Ang mga bata at kabataan (mga sasapit sa edad na 8–18 sa 2020), sa suporta ng kanilang mga magulang at lider, ay magpapatupad ng nakatuon sa tahanan at suportado ng Simbahan na pagsisikap ng Mga Bata at Kabataan sa Enero 1, 2020, sa mga yunit na gumagamit o nagsasalita ng sumusunod na mga wika: ASL, Cantonese, Cebuano, English, French, German, Hiligaynon, Ilokano, Italian, Japanese, Korean, Mandarin, Portuguese, Russian, Samoan, Spanish, Tagalog, at Tongan

Sa Face to Face event unang ipinarinig ang bagong awitin para sa mga bata, na makukuha sa childrenandyouth.ChurchofJesusChrist.org Una ring ipinakita sa event o kaganapan ang bagong awitin at video na nagtatampok sa tema ng mga kabataan sa taong 2020. Ang mga ito at ang iba pang tema ng kabataan ay makukuha na sa Ingles at sa iba pang mga wika sa youth.ChurchofJesusChrist.org.

Pagsasalin sa: *Notice, 17 November 2019: Children and Youth—Overview and Frequently Asked Questions* Tagalog. 17313 893

# Mga Bata at Kabataan: Buod at mga Madalas Itanong

**Kalakip sa Nobyembre 17, 2019, na pabatid**

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

---

Ang Mga Bata at Kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay bagong pagsisikap upang tulungan ang bagong henerasyon na palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at umunlad sa landas ng tipan sa pagharap nila sa mga hamon ng buhay. Nakatuon ito sa pagtulong sa bawat bata at kabataan na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas at umunlad sa balanseng paraan sa espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal (tingnan sa Lukas 2:52).

Simula sa Enero 1, 2020, ang Mga Bata at Kabataan ang papalit sa lahat ng umiiral na aktibidad at mga achievement program. Ang mga nais na makumpleto ang Tungkulin sa Diyos, Pananampalataya sa Diyos, at Personal na Pag-unlad ay dapat makumpleto ang mga kinakailangan bago sumapit ang Enero 1, 2020. Kung kailangan ng mga bata o kabataan ang dagdag na panahon, ang mga award o gawad ay makukuha hanggang Marso 1, 2020. Ang Mga Bata at Kabataan din ang ipapalit sa Scouting sa Enero 1, 2020, sa lugar kung saan tinatangkilik ng Simbahan ang mga Scouting unit.

Ang bagong pagsisikap na Mga Bata at Kabataan ay kinabibilangan ng tatlong aspeto na pagtutuunan ng pansin:

- Pag-aaral ng ebanghelyo
- Paglilingkod at mga aktibidad
- Personal na pag-unlad

Dalawang uri ng sagisag ang kasama sa pagsisikap na ito: mga sagisag ng pagiging kabilang, na matatanggap ng bawat bata at kabataan sa taon na siya ay magiging 8, 12, at 18 anyos; at mga sagisag ng achievement o pagkamit, na matatanggap ng kabataan sa pamamagitan ng pagsisikap na tularan ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagtugon sa ilang mga pangunahing inaasahan (tingnan sa “Achievement” sa dokumentong ito).

Ang pagsisikap na ito ay nakasentro sa tahanan at suportado ng simbahan. Ang mga pamilya ang nagpapasiya kung paano pinakamainam na maisasagawa ang mga area na ito na pagtutuunan ng pansin sa tahanan.

## Pangkalahatang Ideya para sa mga Bata

Simula sa Enero ng taon na sila ay magiging walong taong gulang, ang mga bata ay inaanyayahan na makilahok sa Mga Bata at Kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Heto ang mangyayari sa kanila.



Sa simula ng bawat taon, maaaring bisitahin ng bishop ang klase ng mga bata sa Primary class na magiging walong taong gulang at malugod silang tatanggapin sa Mga Bata at Kabataan. Sa oras ng talakayan, bibigyan niya ang bawat bata ng dalawang sagisag: isang singsing at isang larawan ng templo. Ang bawat bata ay makakatanggap din ng kopya ng *Personal Development: Children’s Guidebook*. Ang mga magulang at miyembro ng Primary presidency ay maaaring dumalo sa pagbisitang ito.

Bilang bahagi ng Mga Bata at Kabataan, ang mga Bata ay makikilahok sa mga sumusunod:

## Pag-aaral ng Ebanghelyo

Sa tahanan, pag-aaralan ng mga bata ang mga banal na kasulatan nang mag-isa at kasama ang kanilang pamilya. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay inihanda para tumulong sa gayong pag-aaral. Sa simbahan, dinaragdagan ng mga bata ang mga natutuhan nila sa tahanan habang pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan kasama ang kanilang klase sa Primary. Ang mga materyal sa lesson ay matatagpuan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Primary*.

## Paglilingkod at mga Aktibidad

Ang mga Bata ay nakikilahok sa paglingkod at mga aktibidad kasama ang kanilang pamilya. Bukod dito, ang mga bata (simula sa taon na maging walong taong gulang sila) ay regular ding nagmimiting para sa mga aktibidad ng Primary. Karaniwan, ang mga bata ay inoorganisa ayon sa mga age-group o pangkat ng edad, at hiwalay na nagmimiting ang mga batang lalaki at batang babae—kahit sila ay maaaring pagsamahin para sa tiyak na mga aktibidad o sa mga lokasyon na may kaunting mga bata. Ang mga aktibidad ng Primary ay karaniwang ginaganap ng dalawa hanggang apat na beses bawat buwan. Kung dahil sa distansya at gastos, kakulangan ng oras, kaligtasan, at iba pang mga pangyayari ay hindi praktikal na gawin ang iskedyul na ito, ang mga aktibidad ng Primary ay maaaring gawin nang mas madalang.

Sa pakikipagtulungan sa bishopric, inirerekomenda ng Primary presidency na tumawag ng mga miyembro bilang mga lider ng aktibidad sa Primary. Ang mga lider na ito ay maaaring mga guro sa Primary o iba pang mga miyembro ng ward o branch. Dapat may dalawa man lang na mga pinuno na dadalo sa bawat aktibidad. Ang mga lider ay maaaring dalawang babae, dalawang lalaki, o mag-asawa. Kukumpletuhin ng mga lider ang pagsasanay sa protectingchildren.ChurchofJesusChrist.org

Ang mga lider ng mga aktibidad ay nagpaplano ng masaya at kawili-wiling paglilingkod at mga aktibidad na nagpapatatag ng patotoo, nagpapalakas ng mga pamilya, at naghihikayat ng personal na pag-unlad. Ang mga aktibidad ay dapat balanse ayon sa apat na aspeto ng pag-unlad: espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal.

Ang magdamag na mga kamping ay hindi ginaganap para sa mga bata. Gayunman, maaaring piliin ng mga lokal na lider na magdaos ng maghapon na kamping para sa mga bata sa Primary na nakikilahok sa Mga Bata at Kabataan.

Ang mga ideya sa paglilingkod at aktibidad para sa tahanan at simbahan ay makukuha sa childrenandyouth.ChurchofJesusChrist.org at, simula sa 2020, sa Gospel Living app.

## Personal na Pag-unlad

Ang mga bata ay nagtatakda ng mga layunin upang lumago sa espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal at intelektuwal. Kung kinakailangan, tutulungan ng mga magulang at mga lider ang mga bata na tuklasin, planuhin, gawin, at pagnilayan ang pinili nilang mga mithiin. Pagkatapos ay tutuklas ang mga bata at magtatakda ng bagong mga mithiin. Maaaring pagsikapan ng mga bata ang maraming mithiin ayon sa kanilang kagustuhan, pero hinihikayat silang patuloy na gawin ang kahit isang mithiin sa bawat isa sa apat na aspeto sa bawat taon. Maaaring piliin ng mga bata, na suportado ng mga magulang, na gamitin ang *Personal Development: Children's Guidebook* upang itakda at itala ang mga goal o mithiin.

May mga ideya tungkol sa mga layunin sa gabay na aklat, sa childrenandyouth.ChurchofJesusChrist.org at, simula sa 2020, sa Gospel Living app.

## Pangkalahatang Ideya para sa Kabataan

Simula sa Enero ng taon na sila ay magiging 12 taong gulang, ang mga kabataan ay lilipat sa mga korum ng Aaronic Priesthood at mga klase ng Young Women. Heto ang magiging hitsura ng Mga Bata at Kabataan para sa kanila.



Ang mga kabataang lalaki ay makakatanggap ng singsing mula sa panguluhan ng kanilang korum. Ang mga kabataang babae ay makakatanggap ng medalyon mula sa panguluhan ng kanilang klase. Bukod pa rito, sa oras ng interbyu, ang bishop ay magbibigay sa bawat kabataan ng holder o lalagyan ng temple recommend. Bawat kabataan ay tatanggap din ng kopya ng *Personal Development: Youth Guidebook*.

Bilang bahagi ng Mga Bata at Kabataan, ang mga kabataan ay makikilahok sa mga sumusunod:

### Pag-aaral ng Ebanghelyo

Sa tahanan, pinag-aaralan ng kabataan ang mga banal na kasulatan sa kanilang sarili at kasama ang kanilang pamilya. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay inihanda para tumulong sa gayong pag-aaral. Sa simbahan, dinaragdagan ng mga bata ang mga natutuhan nila sa tahanan at sa seminary habang nag-aaral sila sa Sunday School at korum ng Aaronic Priesthood o sa klase ng Kabataang Babae. Ang mga materyal ng lesson ay matatagpuan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School* at *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women*.

### Paglilingkod at mga Aktibidad

Nakikibahagi ang mga kabataan sa paglilingkod at mga aktibidad kasama ang kanilang mga pamilya. Bilang karagdagan, ang kabataan ay regular ding magmimiting (karaniwang lingguhan) para sa mga aktibidad ng Young Women, aktibidad ng korum ng Aaronic Priesthood, at aktibidad ng mga kabataan (kapag pinagsama). Kung dahil sa distansya at gastos, kakulangan ng oras, kaligtasan, at iba pang mga pangyayari ay hindi praktikal na gawin ang iskedyul na ito, ang mga aktibidad ay maaaring gawin nang mas madalang, ngunit dapat magmiting nang minsan sa isang buwan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa "Service and Activity Guidelines for Youth" sa AaronicPriesthoodQuorums.ChurchofJesusChrist.org at YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org

Isang adviser, at kung kinakailangan, mga specialist ay tinatawag para sa bawat korum at klase bukod sa mga miyembro ng bishopric at Young Women presidency upang kahit paano ay may dalawang adult leader na naroon sa bawat aktibidad. Kinukumpleto ng mga adult leader ang pagsasanay sa protectingchildren.ChurchofJesusChrist.org.

Sa tulong ng kanilang mga adult leader, ang mga quorum at class presidency ay magpaplano at magpapatupad ng masaya at kawili-wiling paglilingkod at mga aktibidad na nagpapatatag ng patotoo, nagpapalakas ng mga pamilya, at naghihikayat ng personal na pag-unlad. Ang mga aktibidad ay dapat balanse ayon sa apat na aspeto ng pag-unlad: espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal.

Dagdag sa regular na aktibidad ng mga kabataan, mga kabataan ay maaari ring lumahok sa:

- Mga For the Strength of Youth (FSY) conference (tingnan sa fsy.ChurchofJesusChrist.org).
- Kumperensya ng mga kabataan o paglalakbay (trek) sa mga taon na hindi gaganapin ang FSY conference.
- Taunang kamping ng Young Women at kamping ng korum ng Aaronic Priesthood.
- Karagdagang magdamag na kamping at mga aktibidad, kung maaaring gawin ito.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa AaronicPriesthood Quorums.ChurchofJesusChrist.org at YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org. Ang mga ideya sa paglingkod at aktibidad ay makukuha sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org at, simula sa 2020, sa Gospel Living app.

### Personal na Pag-unlad

Ang mga kabataan ay gumagawa ng mga mithiin para umunlad sa espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal. Kung kinakailangan, maaaring tulungan ng mga magulang at mga lider ang kabataan na tumuklas, magplano, isagawa, at indibiduwal na pagnilayan ang napiling mga mithiin. Ang mga kabataan ay hinihikayat na kumpletuhin ang kahit dalawang mithiin sa bawat apat na aspeto sa bawat taon. Maaaring piliin ng mga kabataan na gamitin ang *Personal Development: Youth Guidebook* o ang Gospel Living app para magtakda at magtala ng mga mithiin.

May mga ideya tungkol sa mga layunin sa gabay na aklat, sa childrenandyouth.ChurchofJesusChrist.org at, simula sa 2020, sa Gospel Living app.



Sa simula ng taon na sila ay magiging 18 taong gulang, ang mga kabataang lalaki ay makatatanggap ng lalagyan ng langis matapos silang maorden sa Melchizedek Priesthood. Ang mga kabataang babae ay makatatanggap ng pendant na maidaragdag sa chain o kuwintas kasama ng kanilang medalyon.

### Pagkamit



Sa loob ng taon na ang isang kabataang lalaki o kabataang babae ay magiging 18 taong gulang, siya (kasama ang magulang kung nais) ay may oportunidad din na makipagkita sa bishop para talakayin ang kanyang pag-unlad. Sa setting na ito, ang bishop ay magbibigay ng sertipiko mula sa Unang Panguluhan at ng kristal ng Mga Bata at Kabataan na naglalaman ng imahe ng Tagapagligtas. Ibibigay niya itong emblem of achievement sa mga kabataan na umunlad sa pagiging katulad ng Tagapagligtas sa kasalukuyang pagsisikap na:

- Magbasa ng mga banal na kasulatan at manalangin araw-araw.
- Maging karapat-dapat na magkaroon ng limited-use temple recommend.
- Lumahok sa mga miting sa araw ng Sabbath, gawain sa korum o klase, at seminary.
- Pagsikapan ang bawat mithiin sa bawat aspeto ng pag-unlad.
- Maglingkod sa iba sa makabuluhang personal na paraan, na maaaring kabilangan ng serbisyong projekto.

Ang mga bagong convert o miyembro, yaong mga hindi aktibong nakikilahok sa Mga Bata at Kabataan o sa Simbahan, at yaong mga hindi miyembro ng Simbahan ay maaaring makatanggap ng mga emblem of achievement sa taon na sila ay naging 18 anyos at kung sila ay *kasalukuyang nakatuon* sa mga pattern o huwaran ng pagkadisipulo na naka-outline sa itaas.

Sa darating na mga buwan, ang sertipiko ay maaring mai- print mula sa lcr.ChurchofJesusChrist.org

## Mga Bagay na Madalas Itanong

*Nasa ibaba ang mga sagot sa mga tanong ng mga bata, kabataan, magulang, at lider tungkol sa bagong pagsisikap na ito. Gayunman, dahil ang pagsisikap na ito ay sinadya upang maiakma sa mga indibiduwal, maraming tanong ang masasagot sa pamamagitan ng paghahanap ng personal na inspirasyon.*

## Mga karaniwang tanong

### Ano ang dapat pagbatayan ng pokus ng serbisyo at mga aktibidad?

Ang serbisyo at mga aktibidad ay dapat maging balanse sa apat na aspeto ng pag-unlad (espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal) gaya ng iminungkahi sa Lukas 2:52 at magmula sa mga pangangailangan at interes ng mga indibiduwal, pamilya, korum, klase at pangkat ng mga aktibidad sa Primary. Maaari nilang pasimulan sa mga bata at kabataan ang bagong mga karanasan, turuan sila ng mga kasanayan sa buhay, at tulungan sila na magampanan ang kanilang mga tungkulin sa priesthood at mga responsibilidad sa tipan. Kung saan kapaki-pakinabang, ang isang aktibidad ay maaaring sumuporta paminsan-minsan sa mithiin ng indibiduwal, pamilya, o grupo.

### Sinusubaybayan ba ng mga magulang at lider ang mga layunin na itinakda ng mga bata at kabataan?

Hindi. Ang mga magulang, na sinusuportahan ng mga lider kapag kinakailangan, ay maaaring tanungin ang mga bata at kabataan kung ano ang kanilang ginagawa at paano sila makakatulong, subalit ang matatanda ay hindi responsable sa pagsubaybay sa kanilang pagsulong. Maaaring nais ng mga bata at kabataan na maging pribado ang ilang mithiin. Maaaring gamitin ng mga bata at kabataan ang kanilang gabay na aklat, ang Gospel Living app, o iba pang paraan na pinakamainam sa pagtatakda nila ng mga mithiin at pagnilayin o gawan ng tala ang pag-unlad. Maaaring kailangan ng mga bata ng tulong sa pagtatala at pagalaala sa mga layunin. Ang mga magulang ay karaniwang nagbibigay ng gayong tulong.

### Patuloy ba ang interbyu sa kabataan?

Oo. Taunang iniinterbyu ng bishop ang mga kabataan simula sa taon na sila ay maging 12 anyos. Ang bishop (simula sa taon na ang kabataan ay magiging 16 anyos) o isa sa kanyang mga counselor (para sa mas batang kabataan) ang karaniwang nag-iinterbyu sa kabataan makalipas ang anim na buwan. (Tingnan sa *Handbook 1,* 7.1.7.) Bilang karagdagan, ang Young Women president ay maaaring magkaroon ng mas mahalagang papel sa pagpapayo sa mga kabataang babae tungkol sa mga bagay na hindi na kailangan ng karaniwang hukom at walang kinalaman sa pang-aabuso. Sa panahon ng mga pag-uusap na ito, tinuturuan ng mga adult leader ang mga kabataan tungkol sa pagiging disipulo ng Tagapagligtas. Maaari nilang hikayatin ang mga kabataan sa kanilang mga mithiin at mag alok ng anumang kinakailangang tulong.

### Ano ang Gospel Living app?

Ang Gospel Living app, na idinisenyo para sa mga kabataan at adult at magagamit simula sa 2020, ay mayroong mga kagamitan para sa pagtatakda ng mga mithiin, paggawa ng mga plano, pagsubaysay sa progreso, at pagtatala ng mga kaisipan at impresyon. Sa karagdagan, ang app ay may mga artikulo

na nagbibigay-inspirasyon, mga aktibidad at ideya ukol sa mga mithiin, pagpapadala ng mensahe at pagbabahgi sa mga miyembro ng pamilya, korum at klase. Ang app ay hindi kailangan para sa partisipasyon sa Mga Bata at Kabataan, at ito ay hindi limitado sa mga lumalahok na Mga Bata at Kabataan.

## Mga tanong na nakasentro sa pamilya

### Paano ko tutulungan ang anak ko o ang kabataan na umpisahan ang personal na pag-unlad?

Matutulungan ng mga magulang ang isang bata o kabataan alamin kung paano niya nais umunlad. Puwede nilang umpisahan sa pag-uusap kung paano maghangad at tumanggap ng paghahayag at sama-samang magdasal para mapatnubayan. Ang resources sa mga gabay na aklat at sa Gospel Living app ay makatutulong upang matukoy ang mga pangangailangan at interes. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan sa *Children and Youth: An Introductory Guide for Parents and Leaders*.

### Paano kung ang anak ko ay nawalan ng interes o natuklasan niya na ang mithiin ay napakahirap o hindi akma sa kanya?

Kapag natanto ng mga bata at kabataan na ang isang mithiin ay hindi kawili-wili, masyadong mahirap, o hindi akma, kung minsan ang tamang pamamaraan ay patuloy na subukan. Sa ibang pagkakataon ay angkop para sa bata o kabataan na i-adjust o baguhin ang mithiin o pumili ng ipapalit. Ang pagiging aktibo sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas para sa pag unlad ay higit na importante kaysa sa pagkamit ng mga tiyak na layunin.

### Ano ang gagawin ko kapag nakumpleto ng anak ko ang isang mithiin?

Matutulungan ng mga magulang ang kanilang anak na ipagdiwang ang pag-unlad at pagnilayan at itala ang kanyang saloobin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na katulad nito: Paano ako umunlad? Paano nakatulong ang aking mithiin para mas mapalapit ako sa Tagapagligtas? Maaaring hikayatin ng mga magulang ang mga bata at kabataan na magpasiya paano nila gagamitin ang natututuhan nila para tulungan ang iba.

### Katanggap-tanggap ba na magkaroon ng mithiin ang pamilya bilang karagdagan sa mga personal na mithiin na itinakda ng mga bata at kabataan?

Oo. Maaaring tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak at kabataan na pumili ng mga mithiin ayon sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya.

### Dapat ba palaging ibahagi ng mga mga bata at kabataan ang kanilang mga mithiin sa kanilang mga magulang at lider?

Hindi. Ang ibang mga mithiin ay pribado. Maaaring ipakita ng mga adult ang kahandaan nilang tumulong habang pinapayagan ang mga bata at kabataan na panatilihin ang ilang mga layunin sa pagitan nila at ng Panginoon.

### Maaari bang lumahok ang mga adult at mas batang mga bata sa Mga Bata at Kabataan?

Bilang mga indibiduwal at bilang mga pamilya, ang mga adult at mas nakababatang mga bata ay maaaring makilahok at gamitin ang resources para sa pag aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad, at personal na pag-unlad sa tahanan. Ang mga adult at mas nakababatang mga bata ay karaniwang hindi nakikilahok sa mga aktibidad na itinataguyod ng Simbahan na nauugnay sa Mga Bata at Kabataan at hindi makatatanggap ng emblems o sagisag ng Mga Bata at Kabataan.

## Mga katanungan sa suporta sa Simbahan

### May ilan mga bata at kabataan na hindi mga miyembro ng Simbahan nag dumadalo sa aming mga aktibidad. Maaari ba silang makisali sa pagsisikap na Mga Bata at Kabataan?

Oo naman. Dapat anyayahan ng mga Bata at Kabataan ang kanilang mga kaibigan para makilahok sa pag-aaral ng ebanghelyo, serbisyo at aktibidad, at mga personal na pag-unlad. Ang mga lider—kasama ang mga quorum at class presidency—ay dapat makipagtulungang mabuti sa mga magulang ng mga bata at kabataang ito para tulungan silang maunawaan ang pagsisikap at makapagpasiya sila at ang kanilang mga anak kung paano nila nais na makisali.

### Katanggap-tanggap ba na magkaroon ng mga goal o mithiin ang korum, klase, o grupo bilang karagdagan sa mga personal na mithiing itinatakda ng mga bata at kabataan?

Oo. Ang mga bata at kabataan, sa pakikipagtulungan sa kanilang mga lider, ay maaaring piliin ang mga mithiin ayon sa mga pangangailangan ng kanilang korum o klase.

### Dapat bang magdaos ng taunang miting?

Ang mga bishop ay maaaring magsagawa ng taunang miting para sa kabataan at kanilang mga magulang kapag malapit nang magsimula ang bagong taon. Maaari itong ganapin sa ward o stake level at maaaring ganapin para sa mga kabataang lalaki at kabataang babae nang hiwalay o magkasama. Dapat nakaplano ito at pinangungunahan ng mga assistant ng bishop sa priests quorum at presidency ng pinakamatandang klase ng Young Women. Ang kabataan na magiging 12 anyos sa kasalukuyang taon ay makatatanggap ng kanilang emblems o sagisag sa miting na ito.

Hindi kailangang magdaos ng taunang miting para sa mga bata. Ang bishop ay maaaring bumisita sa klase ng Primary ng mga batang magiging walong taong gulang sa kasalukuyan.

### Anong mga adjustment o pagsasaayos ang kailangan sa mga tungkulin?

Bilang tulong sa mga magulang, ang Mga Bata at Kabataan ay susuportahan sa simbahan ng Primary presidency (para sa mga bata) at ng bishopric at ng Young Women presidency (para sa kabataan). Ang mga lider na ito ay tutulungan ng mga quorum at class presidency at ng mga adult na tinawag bilang mga quorum o class adviser at specsialist (para sa dagdag na impormasyon tungkol sa papel ng mga adviser at specialist, tingnan sa *Handbook 2,* 8.3.4; 8.3.6; 10.3.4; at 10.3.7). Maaaring tumawag ng lider ng aktibidad ng Primary.

Sa pag-umpisa ng Mga Bata at Kabataan, at upang maisaayos ang mga pagbabagong ibinalita sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2019, ang sumusunod na mga calling o tungkulin ay ititigil sa Enero 1, 2020. Ang mga lider na ito ay dapat ma-release bago sumapit ang Enero 1, nang may pasasalamat sa kanilang paglingkod:

- Mula sa Primary: Primary Activity Days leaders, Primary Activity Days assistant leaders (ang mga lider na ito ay maaaring tawagin bilang mga Primary activity leader).
- Mula sa Young Women: mga Beehive, Mia Maid, at Laurel adviser (ang mga lider na ito ay maaaring tawagin bilang mga adviser o specialist kung kailangan upang suportahan ang mgaklase sa Young Women); mga lider ng Personal Progress.

- Mula sa mga Aaronic Priesthood quorum: Ward Young Men president, mga counselor, secretary, at mga assistant adviser (ang mga lider na ito ay maaaring tawagin bilang Aaronic Priesthood quorum adviser o specialist).
- Mula sa Scouting (kung saan angkop): BSA executive officer, chartered organization representative, Scouting committee chair, mga miyembro ng Scouting committee, Scoutmaster, mga assistant Scoutmaster, mga 11-taong-gulang na Scout leader, Cub Scout committee chair, mga miyembro ng Cub Scout committee, Cubmaster, mga assistant Cubmaster, den leader, assistant den leader (ang ilan sa mga lider na ito ay maaaring tawagin bilang mga quorum adviser o specialist o bilang Primary activity leader).

## Mga Tanong para sa Primary

### Kailangan bang isaulo ng mga bata ang mga Saligan ng Pananampalataya bilang bahagi ng Mga Bata at Kabataan?

Hinihikayat ang pagsasaulo ng mga Saligan ng Pananampalataya ngunit hindi kinakailangan.

### Dapat ba na lahat ng mga bata ay makatanggap ng singsing ng Mga Bata at Kabataan sa 2020?

Bawat bata na magiging 8 hanggang 11 taong gulang sa 2020 ay dapat makatanggap ng singsing ng Mga Bata at Kabataan sa 2020. Bawat taon pagkatapos noon, matatanggap ng mga bata ang kanilang singsing sa simula ng taon na sila ay magiging 8 taong gulang o sa pagpasok sila sa programa.

Ang kasalukuyang berdeng singsing ng CTR ay mananatiling bahagi ng Primary. Kapag ang mga bata ay nagsimula sa klase ng CTR 4, sila ay bibigyan ng Primary presidency o ng kanilang guro sa Primary ng berdeng singsing ng CTR.

### Dapat pa ba nating idaos ang Temple and Priesthood Preparation meeting?

Oo. Ang Primary presidency, sa patnubay ng bishopric, ay nagdaraos ng Temple and Priesthood Preparation meeting para sa mga batang babae at batang lalaki sa Valiant 10 class bago sumapit ang Enero kung saan lilipat sila sa mga Young Women class at Aaronic Priesthood quorum. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Handbook 2,* 11.5.5.

## Tanong para sa Young Women

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago ng organisasyon na ibinalita para sa Young Women, tingnan sa YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org at sa* Handbook 2, *chapter 10.*

### Bibigkasin pa ba namin ang Young Women theme?

Oo. Sisimulan ng mga kabataang babae ang kanilang mga Young Women meeting sa araw ng Linggo sa pamamagitan ng pagbigkas sa bagong theme, na naunang ibinalita sa pangkalahatang kumperensya at makukuha sa YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org.

### Mayroon pa ba kaming Young Women values, motto, torch logo, New Beginnings, at Young Women in Excellence?

Wala na. Simula sa Enero 1, 2020, ang mga elementong ito ng Young Women program ay papalitan ng pagsisikap na Mga Bata at Kabataan. Ang New Beginnings at Young Women in Excellence ay kapwa papalitan ng taunang miting ng Mga Bata at Kabataan na idaraos para sa kabataan.

### Gaganapin pa ba namin ang Young Women camp taon-taon?

Oo. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Young Women Camp Guide*.

### Anong mga alituntunin ang aming susundin sa pag-organisa ng mga klase ng Young Women?

Sa ilalim ng patnubay ng bishop, ang mga Young Women presidency ay humihingi ng inspirasyon habang inoorganisa nila ang mga klase batay sa sumusunod na mga alintuntunin:

- Ang mga klase ay inoorganisa ayon sa age-group, at ang kabataang babae ay sumusulong sa pagitan ng mga klase sa buwan ng Enero ng taon na sila ay sasapit sa edad ng kasunod na klase. Ang isang age-group ay magiging edad ng lahat ng batang babae sa loob ng isang calendar year.
- Ang laki ng klase ay pinagpapasiyahan upang magbigay sa mga kabataang babae ng pinakamainam na mga pagkakataon na mamuno. Isang president, dalawang counselor, at isang secretary ang dapat tawagin para sa bawat klase. Mainam na kasama rin sa klase ang mga kabataang babae na maaaring paglingkuran o i-minister ng presidency.

Para sa karagdagang mga detalye, tingnan sa *Handbook 2* chapter 10, at ang pabatid na may petsang Oktubre 5, 2019.

## Mga Tanong para sa mga korum ng Aaronic Priesthood

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago ng organisasyon na ibinalita para sa mga korum ng Aaronic Priesthood, tingnan sa AaronicPriesthoodQuorums.ChurchofJesusChrist.org and* Handbook 2 *chapter 8.*

### Bibigkasin ba namin ang Aaronic Priesthood theme?

Hinihikayat ang mga kabataang lalaki na umpisahan ang kanilang mga quorum meeting sa araw ng Linggo sa pagbigkas ng bagong Aaronic Priesthood quorum theme, na mababasang:

*“Ako ay minamahal na anak ng Diyos, at may gawain Siyang ipinagagawa sa akin.*

*“Nang buong puso, kakayahan, isipan, at lakas, mamahalin ko ang Diyos, tutuparin ang aking mga tipan, at gagamitin ang Kanyang priesthood upang maglingkod sa iba, simula sa aking sariling tahanan.*

*“Habang sinisikap kong maglingkod, manampalataya, magsisi at magpakabuti pa bawat araw, ako ay magiging karapat-dapat sa pagtanggap ng mga pagpapala ng templo at ng walang-hanggang kagalakan ng ebanghelyo.*

*“Maghahanda ako na maging masigasig na missionary, tapat na asawa, at mapagmahal na ama bilang tunay na disipulo ni Jesucristo.*

*“Tutulong akong ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapaligtas sa pamamagitan ng pag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo at tanggapin ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.”*

### Gaganapin ba namin ang kamping para sa mga korum ng Aaronic Priesthood bawat taon?

Oo. Para sa karagdagang inpormasyon, tingnan sa *Aaronic Priesthood Quorum Camp Guide*.

## Mga tanong tungkol sa pagkilala, emblems o sagisag, at imahe

### Paano mag-oorder ang mga yunit at tatanggap ng mga emblem o sagisag para maumpisahan ang pagsisikap na Mga Bata at Kabataan?

Isang form ang ipadadala sa mga yunit sa pagtatapos ng taong 2019.

Ang mga Primary presidency, Young Women presidency, at mga Aaronic Priesthood quorum adviser ay dapat ipaalam sa ward o branch clerk ang dami at mga size o laki na kailangan para sa mga bata at kabataan at kabataan na magiging 8–18 taong gulang sa 2020. Ang mga clerk ay dapat mag-order sa store.ChurchofJesusChrist.org/childrenandyouth o sa kanilang lokal na distribution center. Ang halaga ng kristal para sa Mga Bata at Kabataan ay sisingilin sa yunit. Para sa 2020, lahat ng iba pang mga emblem o sagisag ay babayaran ng Simbahan. Sa taong 2021 at paglampas nito, mga yunit ang oorder ng kinakailangan na mga emblem at materyal sa pamamagitan ng regular na proseso sa pag-order ng kurikulum. Babayaran ang mga ito sa pamamagitan ng pondo ng lokal na yunit.

### Paano gagamitin ang logo ng Mga Bata at Kabataan, kaugnay na mga imahe, at mga theme?

Ang logo at iba pang visual na mga elemento ng Mga Bata at Kabataan ay makukuha sa 2020. Maaaring gamitin ang mga ito para sa personal, hindi pangkalakal na paggamit. Maaaring gamitin ng mga indibiduwal at pamilya ang logo at imahe sa loob ng kanilang mga tahanan para suportahan ang programang Mga Bata at Kabataan. Maaaring gamitin ng mga stake, ward, at branch ang logo at imahe para sa mga aktibidad at layuning ukol sa Simbahan. Upang humiling ng pahintulot para gamitin ang logo at imagery sa iba pang situwasyon, bumisita sa permissions.ChurchofJesusChrist.org.

Maaaring gamitin ng mga kabataan at lider ang theme ng korum ng Aaronic Priesthood at ang theme ng Young Women para sa layuning personal o para sa Simbahan. Ang komersyal na paggamit ng tema ay hindi pinahihintulutan.

### Maaari bang lumikha ang mga lokal na yunit ng sarili nilang mga requirement at gawad o parangal para sa Mga Bata at Kabataan?

Hindi. Ang mga stake, ward, at branch ay hindi dapat gumawa ng dagdag na gawain para sa mga bata at kabataan para magkamit ng mga lokal na parangal.

### Gaano katagal bago matanggap ng kabataan ang emblems of achievement?

Ang emblems of achievement ay pinakahuling pagdiriwang ng pag-unlad ng indibiduwal sa pamamagitan ng Mga Bata at Kabataan. Karaniwan, natatanggap ng kabataan ang mga emblem o sagisag na ito kapag nagtapos sila mula sa paaralang sekondarya, habang naghahanda sila para tanggapin ang Melchizedek Priesthood o pumasok sa Relief Society, o bago sila lumayo sa tahanan, kung mangyayari ito bago maging 18 taong gulang.

## Para sa karagdagang impormasyon

- Hulyo 15, 2019, pabatid—Update sa Mga Bata at Kabataan
- Hulyo 19, 2019, pabatid – Mga For the Strength of Youth (FSY) Conference sa Estados Unidos at Canada
- Agosto 1, 2019, pabatid—Tema ng Kabataan para sa  2020
- Setyembre 12, 2019, pabatid – Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Mga For the Strength of Youth (FSY) Conference sa Estados Unidos at Canada
- Setyembre 29, 2019—Mga Bata at Kabataan: Isang Espesyal na Brodkast Tampok si Pangulong M. Russell Ballard
- Oktubre 5, 2019, liham ng Unang Panguluhan—Pagpapalakas sa mga Aaronic Priesthood Quorum at mga Young Women Class
- Nobyembre 17, 2019—Mga Bata at Kabataan: Isang Face to Face Event Kasama si Elder Gerrit W. Gong
- *Mga Bata at Kabataan: Isang Panimulang Gabay para sa mga Magulang at Lider*
- ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org